# Abiso ng Posibleng Pagkuha ng Ari-arian

Ang car tax ay hindi binabayaran lamang tuwing nagpaparenew ng rehistro (shaken).

<u>Kung hindi pa ito nababayaran, mangyaring bayaran agad.</u>

※September 16, 2025 (Tue) ngayon

**Takdang petsa ng Pagbabayad** **October 16, 2025 (Thur)**

**Kung hindi mo mababayaran sa itinakdang araw at hindi ka rin makikipag-ugnayan, ipatutupad ang pagkuha ng iyong mga ari-arian ayon sa batas.**

Tungkol sa Pagkuha ng Ari-arian Dahil sa Hindi Pagbabayad
Bukod sa pagkuha ng suweldo at ipon, maaaring ilock ang gulong ng sasakyan (tyre lock, tingnan ang larawan sa kanan) para hindi ito magamit o makagalaw.
Ang mga sasakyang nakumpiska na (tingnan ang larawan sa ibaba) ay maaaring ibenta sa online auction, at ang kikitain mula dito ay gagamitin para bayaran ang utang sa buwis.

Lalagyan ng lock ang gulong



Pagkatapos Ma-kumpiska Maaaring Ibibinta sa public auction ang sasakyan







| | Sakop na Lugar | Tanggapan ng Nakalataga |
|---|---|---|
| Para sa mga tanong o konsultasyon | Gifu-shi, Hashima-shi, Kakamigahara-shi, Yamagata-shi, Mizuho-shi, Motosu-shi, Ginan-cho, Kasamatsu-cho, Kitagata-cho, Outside Gifu | Gifu Prefectural Tax Office (TEL) 058-214-6924 (Main Line) |
| | Ogaki-shi, Kaizu-shi, Yoro-cho, Tarui-cho, Sekigahara-cho, Godo-cho, Wanouchi-cho, Anpachi-cho, Ibigawa-cho, Ono-cho, Ikeda-cho | Seino Prefectural Tax Office (TEL) 0584-73-1111 (Main Line) |
| | Seki-shi, Mino-shi, Minokamo-shi, Kani-shi, Gujo-shi, Sakahogi-cho, Tomika-cho, Kawabe-cho, Hichiso-cho, Yaotsu-cho, Shirakawa-cho, Higashishirakawa-mura, Mitake-cho | Chuno Prefectural Tax Office (TEL) 0575-33-4011 (Main Line) |
| | Tajimi-shi, Nakatsugawa-shi, Mizunami-shi, Ena-shi, Toki-shi | Tono Prefectural Tax Office (TEL) 0572-23-1111 (Main Line) |
| | Takayama-shi, Hida-shi, Gero-shi, Shirakawa-mura | Hida Prefectural Tax Office (TEL) 0577-33-1111 (Main Line) |

Pakiusap, tingnan din ang likod

GIFU 岐阜県

# Paraan ng Pagbabayad at Iba Pa

## ❶ Mula sa Smartphone Payment App

Mula sa Smartphone Payment App Pwede mong i-scan ang QR code sa payment slip gamit ang camera ng iyong smartphone para makabayad.
Para sa listahan ng mga payment app na puwedeng gamitin, pakitingnan ang “Smartphone Payment Apps List” sa “eLTAX for Payment Site.”

地方税お支払サイト 検 索

## ❷ Mula sa eLTAX for Payment Site

Pwede kang magbayad gamit ang credit card, internet banking, o Pay-easy sa pamamagitan ng pagbukas ng “eLTAX for Payment Site” gamit ang iyong computer o smartphone.

## ❸ Mula sa mga Bangko, Post Office, Convenience Store, at Iba pa

Ipakita ang iyong payment slip sa mga payment counters ng mga nabanggit at magbayad. Pag nalampas ng October 16, (Sat), hindi na pwedeng magbayad sa mga nabanggit na payment counters.

※ Para sa karagdagang detalye, pakitingnan ang likod ng payment slip.

# Tungkol sa Late Payment Fee

Ang nakasulat na late penalty fee sa bayarin ay para lang hanggang **October 4, 2025 (Sat)** **Kahit magbayad ka bago ang deadline, puwedeng kulang pa rin ang late fee depende sa araw ng pagbayad mo.** **Kung may kulang sa bayad mo kumpara sa nakasulat sa notice, padadalhan ka ng panibagong notice para doon mo bayaran ang natitirang halaga.**

【Tungkol sa late payment fee bago ang takdang petsa】

| Date / Tax amount | Oct. 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| ～34,500 yen | 0 yen | | | | | | | | | | | | |
| 39,500 yen | 0 yen | | | | | | 1,000 yen | | | | | | |
| 45,000 yen | 1,000 yen | 1,100 yen | | | | | | | | | 1,200 yen | | |

※Para sa car tax na may deadline sa June 2, year 2025, may ilang halagang nakalagay bilang halimbawa lamang.
※Para sa car tax bago mag year 2025 o iba pang buwis, mangyaring makipag-ugnayan sa Prefectural Tax Office na nakalista sa harap ng dokumento.

### Para sa mga nagpatanggal ng rehistro ng kanilang sasakyan simula September 1 (Mon)

Ang warning na ito ay base sa halagang dapat bayaran bago pa man matanggal sa rehistro ang sasakyan. Para sa tamang impormasyon sa pagbabayad, mangyaring makipag-ugnayan sa Prefectural Tax Office na may sakop sa inyong tirahan na nakalista sa harap ng dokumento.

### Para sa mga nakipag-ugnayan na sa prefectural tax office tungkol sa pagbabayad

Kahit na nakipag-ugnayan ka na, ipinapaabot namin ang natitirang balanse na hindi pa nakukumpirma ang bayad hanggang September 16, 2025 (Tue).

**※Kung nakatanggap ka parin ng notice matapos mong bayaran lahat, maaaring ito ay nagkataong naipadala bago pa ma-update ang system. Pasensya na po sa abala.**
**※Mangyaring itago ang iyong resibo bilang patunay ng bayad para sa hinaharap.**

Pakitingnan din sa likoran